ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# PAGGALUGAD SA INTERDISIPLINARYONG DULOG SA GAWAING PAGGANAP

**Debbie Arado-Paumig[1], Dr. Ethel S. Doria[2]**
[1]*Holy Name University*
[2]*Holy Name University*

## ABSTRAK

*Ang Paggalugad sa Interdisiplinaryong Dulog sa gawaing pagganap ay naglalayong suriin ang mga kasalukuyang pamamaraan ng pagdaraos ng mga gawaing pagganap. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga guro sa Filipino 11 partikular sa HUMSS Strand mula sa mga piling pampubliko at pampribadong paaralan sa Tagbilaran City. Ginamit sa pananaliksik na ito ang kwalitatibong pamamaraan at sa tulong ng isang panayam ay natuklasan ang mga asignaturang nakapagsagawa ng gawaing pagganap at mga pamamaraan o estratehiya na kanilang ginamit sa pagpapatupad nito. Dahil dito, napag-alaman na may iba't ibang pamamaraan at estratehiya ang mga guro sa pagsagawa ng interdisiplinaryong gawaing pagganap na maaaring gamitin ng mga gurong nagbabalak na makapagsagawa ng kaugnay na gawain.*

**MGA SUSING SALITA-** *Interdisiplinaryong Dulog, Gawaing Pagganap, HUMSS Strand, Tagbilaran City*

## INTRODUKSYON

Ang pagsasama-sama ng iba't ibang disiplina sa larangan ng edukasyon ay patuloy na nagiging sentro ng pansin para sa mga guro at mga tagapagturo. Ang interdisiplinaryong pamamaraan sa pagtuturo ay naglalayong magtampok ng mas malawak na pang-unawa at pagpapalalim ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga konsepto, prinsipyo, at kasanayan mula sa iba't ibang larangan. Sa konteksto ng gawaing pagganap, ang interdisiplinaryong dulog ay nagbibigay ng pagkakataon para sa paggamit ng iba't ibang kasanayan at kaalaman sa pagsasanay at pagpapabuti ng gawaing pang-edukasyon.

Bagama't mahalaga ang mga gawaing pagganap bilang bahagi ng proseso ng pagkatuto, ang kasalukuyang kalakaran ay nagreresulta sa overload at sa pagkakataong ito, hindi na sa guro kundi sa mga mag-aaral. Ang sabay-sabay na mga taning (deadline) ay nagiging sanhi ng mataas na antas ng presyur at pagkabalisa, lalo na't bawat asignatura ay may kanya-kanyang hinihinging gawain at awtput. Napag-alamang ang mga mag-aaral na overloaded sa kanilang coursework ay may mas mataas na antas ng stress, na nagreresulta sa mas mababang akademikong perpormans at negatibong epekto sa kanilang kalusugang pangkaisipan (Azeem et.al, 2022).

Ang teoryang Constructivism ni Jean Piaget ay nagbibigay ng pundasyong teoretikal sa pagpapalalim ng pagkatuto sa pamamagitan ng aktibong partisipasyon ng mag-aaral (Piaget, 1970). Naniniwala si Piaget na ang pagkatuto ay nakabatay sa konstruktibong proseso, kung saan ang mga mag-aaral ay bumubuo ng sariling kaalaman sa pamamagitan ng interaksyon sa kanilang kapaligiran. Sa isang interdisiplinaryong konteksto, ang teoryang ito ay naglalayong magbigay ng pagkakataon para sa mga mag-aaral na bumuo ng mas malawak na pang-unawa at integrasyon ng mga konsepto mula sa iba't ibang larangan.

Ang artikulong Modes of Interaction Between Disciplines ni Thomas D. Paxson (1996) ay isang teoretikal na pagsusuri ng kung paano nakikipag-ugnayan ang iba't ibang disiplina. Ang pokus ni Paxson ay kognitibo at epistemolohikal, na nangangahulugan na interesado siya sa pagbuo ng kaalaman at kung paano nagaganap ang negosasyon ng partikular na uri ng kaalaman kapag nakikipag-ugnayan ang iba't ibang disiplina. Ang mga disiplina ay nakikipag-ugnayan sa isa't isa bilang isang proseso ng pagbabago at paglago. Sa ganitong paraan, ang parehong mga disiplina ay may kakayahang magbago at magbigay ng kontribusyon sa mas malawak na kaalaman.

Ayon kay McTighe (2024), ang mga gawaing pagganap ay mga gawain o pagtataya na humihiling sa mga mag-aaral na ipakita ang kanilang kaalaman at kakayahan sa makatotohanang konteksto. Ang mga ito ay nagbubunga ng produkto o pagtatanghal bilang ebidensya ng pagkatuto. Ang mga gawaing pagganap ay mainam upang sukatin hindi lamang ang kaalaman kundi pati ang kakayahan sa mapanghamon na proseso tulad ng pagsasaliksik, paglutas ng problema, at pagsusulat.

Sa kanyang artikulo, binigyang-diin niya ang mga sumusunod na aspekto ng gawaing pagganap: Autentisidad: Ang mga gawain ay idinisenyo upang magpakita ng tunay na aplikasyon ng kaalaman, tulad ng pagtugon sa isang problema o pagbuo ng produkto na maaaring may kaugnayan sa mundo sa labas ng paaralan. Interdisiplinaryong Pagkatuto: Kadalasan, ang mga gawaing pagganap ay pinagsasama ang mga kaalaman mula sa iba't ibang asignatura, na nagpapalawak ng koneksyon ng mga mag-aaral sa mga konsepto at kasanayan. Pagsukat ng Kompleks na Kasanayan: Mas mainam ang gawaing pagganap para sukatin ang mas mataas na antas ng pag-iisip, tulad ng pagsusuri, paglikha, at paglutas ng problema, kumpara sa tradisyunal na mga pagsusulit na sumusukat lamang sa pag-alala ng impormasyon. Pagtataya ng Malikhain at Kolaboratibong Kasanayan: Bukod sa indibidwal na trabaho, maaaring isama sa mga gawain ang kolaborasyon ng grupo upang masukat din ang kanilang kakayahan sa pagtutulungan at komunikasyon. Motibasyon at Pakikilahok: Dahil ang mga gawain ay nauugnay sa mga tunay hamon sa daigdig, mas

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

nagtaglay ng motibasyon ang mga mag-aaral na makilahok at magpakitang gilas. Binanggit din ni McTighe na ang mga gawaing pagganap ay maaaring maging epektibong kasangkapan para sa pagtataya at pagtuturo kung ito ay maingat na idinisenyo at naayon sa layunin ng pagkatuto at mga pamantayan sa edukasyon (McTighe, 2024). Ang mga aspektong ito ng gawaing pagganap ay magiging basehan at mapagkukunang kaalaman sa pagbuo ng instrumento sa pag-aaral na ito.

Kabilang sa mga antas na ito ay ang multidisiplinaryo, krosdisiplinaryo, transdisiplinaryo at ang interdisiplinaryo. Bagama't ang ugnayan ng iba't ibang disiplina ay maraming modes ayon kay Paxson, nakapokus lamang ang pag-aaral na ito sa Interdisiplinaryong pamamaraan. Dito ang iba't ibang disiplina ay nagtatrabaho sa isa't isa upang mapabuti ang kanilang kaalaman at pamamaraan. Ang layunin ay bumuo ng isang magkakaugnay na pananaw na lampas sa kakayahan ng isang paksa.

Sa pamamagitan ng mga modelo ni Paxson, maaaring maipaliwanag kung paano maaaring maging daan ang pagsasanib ng mga disiplina upang matugunan ang mga pangangailangan ng makabagong edukasyon. Ang pagbuo ng integrasyong interdisiplinaryo ay hindi lamang nakatuon sa kolaborasyon kundi pati na rin sa pagpapanday ng bagong kaalaman.

**Layunin**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang kasalukuyang pamamaraan ng pagdaraos ng mga interdisiplinaryong dulog sa gawaing pagganap ng mga guro mula sa HUMSS na istrand ng mga piling pribado at pampublikong paaralan sa Tagbilaran City at tukuyin ang mga tema at prinsipyo na makatutulong sa pagbuo ng isang gabay para sa mas epektibong pagsagawa ng interdisiplinaryong dulog sa gawaing pagganap.

1. Ano-ano ang mga ginawang pagsasanib sa interdisiplinaryong dulog ng mga gawaing pagganap batay sa mga disiplina, batayang kompetensi sa bawat disiplina, at itinakdang gawaing pagganap para sa mga mag-aaral?
2. Ano-ano ang mga pamamaraan o estratehiyang ginawa sa pagdaraos ng interdisiplinaryong gawaing pagganap?

## METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa ilalim ng kwalitatibo-deskrptibong pag-aaral upang matiyak ang mga detalye sa pamamaraan o estratehiya na ginamit ng mga guro sa pagdaraos ng interdisiplinaryong gawaing pagganap. Ang kwalitatibo-deskriptibong pag-aaral ay nagbibigay ng malinaw at komprehensibong paglalarawan ng isang penomenon (Bradshaw et al., 2017). Sa pagsasaalang-alang ng pamamaraang ito ay matutugunan ang layunin ng pag-aaral na matukoy ang mga asignaturang lumahok sa isang interdisiplinaryong gawain at masusi ang kanilang mga pamamaraan o estratehiya upang makapagdaraos ng isang gawain.

**Lugar ng Pananaliksik**

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa tatlong (3) pribado at tatlong (3) pampublikong paaralan sa Tagbilaran City na may HUMSS Strand partikular na sa mga paaralan na may karanasan sa pagsasagawa ng interdisiplinaryong gawaing pagganap.

**Kalahok ng Pananaliksik**

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay siyam (9) na guro sa Filipino 11 sa HUMSS Strand na may karanasan sa pagsasagawa ng interdisiplinaryong gawaing pagganap. Ang mga gurong lumahok ay pinili sa pamamagitan ng purposive sampling at sumunod sa mga krayterya na: Ang guro ay nagtuturo ng disiplinang Filipino sa HUMSS istrand sa ikalawang semester sa kasalukuyang taong panuruan na may tatlo (3) mahigit na taong karanasan upang masiguro ang isang ganap na karanasan lalo pa at mahigit walong taon na ang nakakalipas mula noong ipinatupad ang bagong kurikulum sa sistema ng edukasyon. Kinakailangan din na ang guro sa Filipino ay nakapagpatupad o nakilahok sa isang interdisiplinaryong gawaing pagganap.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Ang instrumentong ginamit sa pag-aaral na ito ay sariling likha ng mananaliksik na gabay sa panayam para sa mga gurong-kalahok. Ang gabay na tanong ay nahahati sa dalawang bahagi. Ang una ay nakatuon sa mga tanong upang matukoy ang mga asignaturang nakipag-kolab sa Filipino 11 at gayun din ang mga batayang kompetensi na ginamit sa kanilang isinagawang interdisiplinaryo. Ang pangalawang bahagi naman ay mga tanong na nakatuon upang matukoy ang mga pamamaraan o estratehiyang ginamit ng mga guro upang makapagsagawa ng isang intedisiplinaryong gawaing pagganap. Bago paman ang mismong pangangalap ng datos ay isinubok muna ag nasabing gabay sa ibang guro na may karanasan sa nasabing interdisiplinaryo upang mapatunayan ang pagiging balido ng nasabing gabay.

**Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos**

Upang magampanan ang mga ninanais ng pag-aaral na ito ay bumuo ng liham pahintulot ang mananaliksik at sumangguni sa tanggapan ng punong-guro para sa pampribadong paaralan habang sa pampubliko naman ay sumangguni muna sa tanggapan ng superintendent upang makakuha ng pahintulot para sa gagawing pangangalap ng datos.

Nagsagawa ng paunang paglikom ng datos sa pamamagitan ng isang purposive interview na tumukoy sa mga pampubliko at pampribadong paaralan na may mga guro sa Filipino na may karanasan sa pagpapatupad ng Interdisiplinaryong dulog sa gawaing pagganap. Sa mismong pangangalap ng datos ay nilagdaan ng mga gurong-kalahok ang Informed Consent Form at ipinaliwanag ang buong proseso ng pananaliksik. Pagkatapos, sinimulan ang pagtatanong gamit ang nabuong gabay sa panayam.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

## RESULTA

**Talahanayan 1. Competency Mapping para sa Disiplinang Filipino 11 at Practical Research 2, Creative Writing, at 21st Century Literature**

| Kompetensi sa Disiplina/Asignatura | Kompetensi sa Kolaborasyon | Komon na Kompetensi Interdisiplinaryong Integrasyon | Gawaing Pagganap |
|---|---|---|---|
| **1. Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik (Filipino 11)** | **Practical Research 2** | | |
| Nasusuri ang ilang halimbawang pananaliksik sa Filipino batay sa layunin, gamit, metodo, at etika sa pananaliksik | Designs a research useful in daily life | Paglalapat ng mga prinsipyo ng pananaliksik – Parehong nakatuon sa disenyo ng pananaliksik, layunin, at mga pagsasaalang-alang sa etika. | Manuskrito sa isang Kwantitatibong Pananaliksik |
| Nabibigyang kahulugan ang mga konseptong kaugnay ng pananaliksik (Halimbawa: balangkas konseptwal, balangkas teoretikal, datos empirikal, atbp.) | Presents written research methodology | Pag-unawa sa mga balangkas at pamamaraan ng pananaliksik – Parehong asignatura ay nagbibigay-diin sa pagtukoy ng mga konsepto ng pananaliksik at pagsulat ng mga metodolohiya. | |
| Naiisa-isa ang mga paraan at tamang proseso ng pagsulat ng isang pananaliksik sa Filipino batay sa layunin, gamit, metodo, at etika ng pananaliksik | Presents written research methodology | Proseso ng pananaliksik – Parehong asignatura ay nagbabalangkas ng tamang mga pamamaraan ng pananaliksik. | |
| Nagagamit ang mga katwirang lohikal at ugnayan ng mga ideya sa pagsulat ng isang pananaliksik | synthesizes information from relevant literature | Kritikal na pag-iisip at lohikal na pangangatwiran sa pagsulat at produksyon – Ang pananaliksik sa parehong asignatura ay nangangailangan ng organisadong lohika at pagkamalikhain sa presentasyon. | |
| Nakabubuo ng isang maikling pananaliksik na napapanahon ang paksa | Designs a research useful in daily life | Paglikha ng makabuluhang output ng pananaliksik – Parehong may layuning bumuo ng isang pag-aaral na praktikal at may kaugnayan sa mga kontemporaryong isyu. | |
| **2. Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik (Filipino 11)** | **Creative Writing** | **Common Competency / Interdisciplinary Integration** | **Gawaing Pagganap** |
| Natutukoy ang paksang tinalakay sa iba't ibang tekstong binasa | Explore innovative techniques in writing poetry | Suriin at interpretahin ang paksa sa iba't ibang anyo ng pagsusulat. | Sabayang Pagbigkas |
| Natutukoy ang kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit ng iba't ibang uri ng tekstong binasa<br>Nagagamit ang cohesive device sa pagsulat ng sariling halimbawang teksto | Write a short poem applying the various elements, techniques, and literary devices | Kilalanin ang kahulugan at katangian ng mahahalagang elemento ng panitikan.<br>Gamitin nang epektibo ang mga cohesive device upang mapabuti ang kalidad ng pagsusulat. | |
| Nakasusulat ng ilang halimbawa ng iba't ibang uri ng teksto | | Lumikha ng iba't ibang uri ng teksto nang may pagkamalikhain at kalinawan. | |
| **3. Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik (Filipino 11)** | **21st Century Literature** | **Common Competency / Interdisciplinary Integration** | **Gawaing Pagganap** |
| Natutukoy ang kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang | Appreciate the cultural and | Suriin ang mga pangunahing termino at tema sa iba't ibang | Literary Analysis and |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| ginamit ng iba't ibang uri ng tekstong binasa | aesthetic diversity of literature of the world | teksto at ang kanilang kahalagahan sa kultura. | Comparative Presentation |
| Naibabahagi ang katangian at kalikasan ng iba't ibang tekstong binasa | Compare and contrast the various 21st century literary genres and their elements, structures, and traditions from across the globe | Ibahagi at ihambing ang mga katangian at kalikasan ng iba't ibang akdang pampanitikan. | |
| Naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa | | Ipaliwanag ang mga ideya at konsepto na matatagpuan sa iba't ibang uri ng teksto. | |

Malinaw na naipapakita sa Talahanayan 1 na may ugnayan ang dalawang asignatura, Filipino 11 at Practical Research 2 na naipahayag sa kanya-kanyang kompetensi. Bagamat may magkakaibang pokus at wika ng pagtuturo, ang dalawa ay nakatuon sa pagdebelop at pagpapalawak ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pananaliksik. Ang Filipino 11 ay nakatutok sa mga batayang konsepto at kasanayan sa pagsusuri at pagsulat ng panitikan sa Filipino, samantalang ang Practical Research 2 naman ay nakatuon sa pagpapalalim ng kaalaman at kasanayan sa paggawa ng pananaliksik gamit ang makabago at siyentipikong mga pamamaraan. Kaya, ang pagsasanib ng dalawang asignatura ay naging makatarungan at kapaki-pakinabang sa pamamagitan ng gawaing pagganap, ang pagbuo ng manuskrito sa kwantitatibong pananaliksik.

Ang pangalawang integrasyon sa talahanayan ay nagpapakita ng ugnayan at pagsasanib ng dalawang magkaugnay na asignatura, ang Filipino 11 at Creative Writing. Magkaiba ang pokus ng dalawang asignatura. Ang Filipino 11 ay higit na nakatuon sa akademikong pagsusuri ng teksto, samantalang ang Creative Writing ay nagbibigay-diin sa masining na aplikasyon ng wika sa malikhaing pagsulat at ang pagtatanghal ng mga sulatin. Sa kabila ng kaibahan ng mga ito, kapwa sila nakasandig sa pagsusuri, pagpapalalim ng pag-unawa, at malikhaing paggamit ng wika sa pagsusulat, na siyang naging batayan ng kanilang pagsasanib sa gawaing pagganap na Sabayang Pagbigkas.

Ang datos na makikita sa pangatlong bahagi ng Talahanayan 1 ay nagpapakita ng ugnayan sa pagitan ng asignaturang Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik (Filipino 11) at 21st Century Literature, lalo na sa aspeto ng pagsusuri ng teksto, pagpapaliwanag ng konsepto, at pagpapahalaga sa panitikan bilang isang malikhaing pagpapahayag ng kultura at pananaw. Sa dalawang asignatura, binibigyang-diin ang mahalagang papel ng pagkilala, pagsusuri, at pagpapaliwanag ng mga akdang pampanitikan upang maunawaan ang kanilang estetika, kahalagahan sa lipunan, at epekto sa indibidwal na mambabasa. Kaya, ang gawaing pagganap na Literary Analysis and Comparative Presentation ay naakma sapagkat nakasentro ito sa parehong layunin ng dalawang magkaugnay na asignatura.

Ang Talahanayan 2 ay naglalaman ng mga tema na nabuo ng mananaliksik na may kaugnayan sa mg pamamaraan o estratehiya sa pagdaraos ng interdisiplinaryong gawaing pagganap ganoon din ang mga sipi o tugon base sa mga gabay na katanungan ng mga gurong kalahok sa pananaliksik na ito.

**Talahanayan 2. Mga Pamamaraan o Estratehiya sa Pagdaraos ng Interdisiplinaryong Gawaing Pagganap**

| Tema | Mga Sipi |
|---|---|
| A. Pagtutugma sa mga Kompetensi at Layunin | - titignan at evaluate kung may kaugnay na kompetensi upang hindi pa baik-balik<br>- malinaw na kaugnayan sa layunin ng aralin<br>- Sinusuri ang kompetensi sa nakatakdang kwarter<br>- iayon ito sa mga kasanayan o kompentensi na itinakda sa kurikulum<br>- rebyu ng paksa, kompetensi at content standard bago mag desisyong makipag-collab<br>- talagang sinusuri ko ang learning competencies na sumusunod sa aming Curriculum Map bago bumuo ng gawain upang matiyak na tumutugma ito sa layunin ng kurso.<br>- pagbuo ng maliwanag na layunin gamit ang MELCs at LC<br>- mag set ng mga target kompetensi |

| | |
|---|---|
| B. Holistikong Pagsasanib ng mga Konsepto at Disiplinaryo | - isinasaalang-alang ang mga batayang kompetensi ng bawat disiplina upang matiyak na ang mga mag-aaral ay nakakakuha ng holistic na pagkatuto<br>- kinakailangan kong maging malawak ang kaalaman sa iba't ibang larangan upang epektibong maisanib ang mga ito sa isang Gawain |
| C. Pagtataya at Pagtatakda ng Rubrik | - dapat may goal na makakasigurong makakamtan ang mga kompetensi<br>- iba't ibang rubrik bawat disiplina<br>- gumagamit ako ng malinaw na rubrik upang gabayan ang mga mag-aaral sa tamang direksyon ng kanilang output ng mga gawaing may praktikal na aplikasyon sa kanilang buhay.<br>- regular kong ine-evaluate ang kanilang pagganap upang matiyak ang epektibong pagkatuto<br>- paggamit ng rubric |
| D. Problem-based na Estratehiya | - problem-based na estratehiya kung saan ang mga mag-aaral ay binibigyan ng isang tunay o malapit-sa-totoong buhay na sitwasyon na kailangang pag-aralan mula sa iba't ibang disiplina. |
| E. Kolaboratibong Estratehiya | - kolaboratibong pagkatuto kung saan ang mga mag-aaral ay nagtutulungan sa maliliit na grupo upang mapunan ang limitasyon sa impormasyon. |
| F. Pagsasaalang-alang sa Pangangailangan ng Bawat Mag-aaral | - scaffolding<br>- differentiated<br>- reflection at self-assessment |

**Pagtutugma sa mga Kompetensi at Layunin**

Isa sa mga temang lumabas sa pagsusuri ayon estratehiya o pamamaraan sa pagdaraos ng interdisiplinaryong gawain ay ang pagtutugma ng mga kompetensi at layunin. Kasali sa pagbuo ng isang interdisiplinaryong gawain ay ang pagsusuri ng mga batayang kompetensi na itinatakda sa kurikulum ng bawat disiplina. Sa katunayan, lahat ng mga gurong lumahok sa paglilikom ng datos ay isinasaalang-alang ang pamamaraan na ito. "Talagang sinusuri ko ang learning competencies na sumusunod sa aming Curriculum Map bago bumuo ng gawaing pagganap upang matiyak na tumutugma ito sa layunin ng kurso", tugon ng isang guro. Ito ay nagpapatunay na kinakailangan ang maingat na pagsusuri sa kompetensi at layunin ng bawat asignatura upang masiguro na tugma ang mga ito at upang angkop ang gawaing interdisiplinaryo para sa mga mag-aaral.

"Tinitignan at ine-evaluate ko kung may kaugnay na kompetensi upang hindi pabalik-balik", tugon ng isa pang guro. Sa pagkakataong ito, maliban sa sinisugurong magkatugma ang mga kompetensi at layunin, maaari ding gawin ang masusing pagrebyu sa mga kompetensi upang maiwasan ang mga paulit-ulit na kasanayan o kompetensi na dapat matamo ng mga mag-aaral, na sa halip ay uulitin sa bawat disiplina ay nagsasanib ito upang mas mapagtibay ang pagtamo ng naturang kasanayan.

Malinaw din sa mga tugon ng mga gurong kalahok na sa pagsusuri at pagtutugma ng mga kompetensi, mainam na gamitin ditto ay ang curriculum map na kung saan nakapaloob dito ang Most Essential Learning Competencies (MELCS) at Learning Content sa bawat asignatura. Nagpapakita lamang ito ng kabisaan sa isinagawang pagsasanib sapagkat ang pagtutugma ng kompetensi ay naaayon sa isang opisyal na dokumento ng kanilang institusyon.

**Holistikong Pagsasanib ng mga Konsepto at Disiplina**

Ang holistikong pagsasanib ng mga konsepto at disiplina ay isa rin sa mga temang lumitaw sa pag-aaral na ito. Ang pamamaraan na ito sa interdisiplinaryong gawain ay ang pagsaalang-alang sa mga batayang kompetensi sa bawat disiplina upang matiyak na ang mga mag-aaral ay makakakuha ng holistikong pagkatuto.
Ibig sabihin, na ang mga gawaing pagganap ay hindi lamang agarang binuo nang walang pagsasaalang-alang sa mga batayang kompetensi sapagkat dito masisiguro ang holistik na pagtamo sa pagkatuto.

Bukod dito, binibigyang-diin din ang papel ng guro sa mga ganitong interdisiplinaryong pagsasanib. Ayon sa isang pahayag, "Kinakailangan kong maging malawak ang kaalaman sa iba't ibang larangan upang epektibong maisanib ang mga ito sa isang gawain." Dito makikita na hindi sapat na ang isang guro ay eksperto lamang sa kanyang disiplina; kinakailangan niyang maunawaan kung paano ang kanyang disiplina ay may kaugnayan sa iba pang larangan upang maipakita ito sa kanyang mga mag-aaral.

Makikita sa mga datos na ang holistikong pagsasanib ay isang maingat na proseso ng pagpaplano at pagpili ng mga konsepto at disiplina na tunay na may kaugnayan sa isa't isa. Hindi ito basta-bastang pagsasama ng mga paksa kundi isang masusing pagsusuri kung paano maaaring magbigay-halaga ang bawat asignatura sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang pagtitiyak ng holistikong pagsasanib ay sumusuporta sa adhikain ng MATATAG na kurikulum sa kagawaran ng edukasyon na nagsusulong ng isang holistik na pagkatuto, kung saan ang mga mag-aaral ay aktibong kasali sa mga gawaing pagganap bilang bahagi ng kanilang pagtatasa. (Department of Education [DepEd], 2024).

**Pagtataya at Pagtatakda ng Rubrik**

Pinatutunayan dito na nagsasaalang-alang ang mga gurong kalahok ng pagtataya at pagtatakda ng rubrik bilang isang sa mga estratehiyang ginagawa ng mga guro sa pagdaraos ng interdisiplinaryong gawain. Ang rubrik ay magiging sukatan sa natamong pagkatuto ng mga mag-aaral gayun din ang pagsisilbi nitong gabay para sa mga mag-aaral. "Gumagamit ako ng malinaw na rubrik upang gabayan ang mga mag-aaral sa tamang direksyon ng kanilang output ng mga gawaing may praktikal na aplikasyon sa kanilang buhay", tugon ng isang guro. Ipinapakita nito na ang rubrik ay hindi lamang isang kasangkapan sa pagmamarka kundi isang gabay na nagpapaliwanag ng pamantayan ng kahusayan na kailangang maabot ng mag-aaral.

Ang pagtatakda ng malinaw at epektibong rubrik ay isang mahalagang aspeto ng pagtataya upang matiyak na ang mga mag-aaral ay makakamit ang itinakdang kompetensi sa bawat disiplina.

Upang matiyak na epektibo ang pagtataya, isang guro ang nagpahayag na "regular kong ine-evaluate ang kanilang pagganap upang matiyak ang epektibong pagkatuto." Ipinapakita nito ang kahalagahan ng patuloy na pagsusuri ng resulta ng pagtataya, upang malaman kung epektibo ang itinakdang pamantayan at kung kinakailangang iakma ito ayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Hindi sapat na magtakda lamang ng rubrik; dapat din itong gamiting batayan sa pagbibigay ng masusing pidbak upang mapabuti pa ng mga mag-aaral ang kanilang output.

**Problem-based na Estratehiya**

Ang mga problem-based na estratehiya sa pagdaraos ng gawaing pagganap ay isa din sa mga estratehiyang nabanggit na kung saan ang mga mag-aaral ay binibigyan ng isang sitwasyon na malapit-sa-totoong buhay upang maiuugnay nila nang mabuti sa kanilang sariling karanasan. Ang ganitong salik ay nauna ng nabanggit ni McTighe (2024) sa kanyang akda na nag-iisa-isa sa mga aspekto ng gawaing pagganap partikular na sa Autentesidad, na naglalarawan sa gawaing pagganap na idinisenyo upang magpakita ng tunay na aplikasyon ng kaalaman, tulad ng pagtugon sa isang problema o pagbuo ng produkto na maaaring may kaugnayan sa mundo sa labas ng paaralan.

Tinuran ng isang gurong nakapanayam na upang maging matagumpay ang paggamit ng problem-based na estratehiya, mahalagang tiyakin na ang mga problemang ibinibigay sa mga mag-aaral ay naaayon sa kanilang antas ng kaalaman at may malinaw na kaugnayan sa kanilang pinag-aaralan. Mahalaga ring magkaroon ng gabay mula sa guro upang mapanatili ang tamang direksyon ng pagsisiyasat at pag-aaral.

**Kolaboratibong Estratehiya**

Ang kolaboratibong estratehiya ay isang pamamaraan sa interdisiplinaryong gawain na natatamo ang pagkatuto sa pamamagitan ng pagtutulungan sa maliliit na grupo.

Ayon sa nakalap na datos, ang mga mag-aaral ay binibigyan ng pagkakataon na magsanib-puwersa upang mapunan ang anumang limitasyon sa impormasyon at mapalawak ang kanilang kaalaman. Sa ganitong pamamaraan, hindi lamang ang mga mag-aaral ang natututo mula sa kanilang mga guro, kundi pati na rin mula sa kanilang mga kamag-aral sa pamamagitan ng interaksyon at kooperasyon.

Ang mga kaisipan sa kolaboratibong estratehiya ay nauna ng nabanggit sa Interdisiplinaryong Pagkatuto na binigyang-diin ni McTighe (2024) sa kanyang mga tinuran na aspekto ng gawaing pagganap na nagsisilbing matibay na batayan sa pag-unawa at pagpapatupad ng mga naunang kaisipan. Sa pananaw na ito, ang mga gawaing pagganap ay hindi na lamang itinuturing bilang simpleng pagsasanay ng isang partikular na kasanayan sa loob ng isang asignatura, kundi bilang komprehensibong paglalapat ng kaalaman mula sa iba't ibang larangan sa kolaboratibong pamamaraan.

**Pagsasaalang-alang sa Pangangailangan ng Bawat Mag-aaral**

Ang pagsasaalang-alang sa pangangailangan ng bawat mag-aaral ay kabilang sa mga estratehiyang tinukoy ng mga gurong kalahok. Ayon sa nakalap na datos, isang mahalagang hakbang ang pagsasaalang-alang sa pangangailangan ng bawat mag-aaral upang matiyak na ang bawat isa ay makikinabang sa mga gawain at aralin na itinuturo.

Kabilang sa mga estratehiyang natukoy ng mga guro ay ang scaffolding, differentiated instructions at self-assessment. Ipinapakita nito na sa pagtuturo, kinakailangang isaalang-alang ang mga indibidwal na pangangailangan ng mga mag-aaral upang lahat ay matatamo ang inaasahang bunga ng pagtuturo nang wala niisang maiiwan at natututo sila sa paraang patas at naaangkop.

Sa kabila ng mga estratehiyang natukoy ng mga nakapanayam patungkol sa kanilang mga pamamaraan sa pagdaraos ng mga gawaing pagganap, napatunayan na ang maayos at sistematikong pagpaplano ng estratehiya ay isang mahalagang pundasyon. Gayunpaman, may ilang mga guro na aminadong walang tiyak na estratehiya sa kanilang pagtuturo, gaya ng isang pahayag na "random na ideya lang" ang nagiging batayan ng kanilang mga aralin. Bagama't maaaring magdulot ng kalayaan sa paglikha ng mga gawain ang ganitong paraan, nagiging sagabal ito sa maayos na pagkakaugnay-ugnay ng mga konsepto, lalo na kung ang layunin ng kurso ay nangangailangan ng malinaw na pagpaplano at estrukturang pagsasanib ng mga disiplina.

Ang kakulangan sa estruktura ay lalo pang lumalabas sa mga kolaboratibong diskusyon sa pagitan ng mga guro. Ayon sa isang guro, "random na pag-uusap lang (kailangang gawing mas organisado)," na nagpapakita ng kawalan ng malinaw na direksyon sa pagpaplano ng mga estratehiya. Kapag ang kolaborasyon ay walang maayos na gabay, nagiging mahirap ang pagpapatupad ng makabuluhang gawain dahil hindi natutukoy nang maayos ang mga layunin, kompetensi, at inaasahang awtput ng mga mag-aaral.

Ang Talahanayan 3 ay naglalaman ng mga tema at tugon ng mga nakapanayam tungkol sa pananaw ng guro sa paggamit ng

interdisiplinaryong dulog sa gawaing pagganap kaugnay sa motibasyon ng mga mag-aaral.

**Kongklusyon at Rekomendasyon**

Sa pag-aasam ng sistematiko at organisadong pamamaraan ng pagtataya ay nabatid mula sa mga nakapanayam ang iba't ibang asignaturang nakilahok sa mga interdisiplinaryong gawain at maging ang kanilang mga pamamaraan at estratehiyang ginamit upang mapagtagumpayan ang nasabing gawain.

Ang mga resulta ng pag-aaral na ito ay isang simulain sa pagpapaplano at pag-organisa ng kasalukuyang sistema para sa mas epektibo at malalim na pagkatuto.

## MGA SANGGUNIAN

1. *Azeem, M., Khan, M. S., & Zaman, S. (2022). The impact of academic workload on students' mental health and academic performance: A study on university students. Journal of Education and Psychology, 45(2), 121-137. https://doi.org/10.1007/jedp.2022.121*
2. *Bradshaw, C., Atkinson, S., & Doody, O. (2017). Employing a qualitative descriptive approach in health care research. Global Qualitative Nursing Research, 4, 1–8. https://doi.org/10.1177/2333393617742282*
3. *McTighe, J. (2022). Understanding by design: Principles for crafting performance tasks and assessment. ASCD.*
4. *McTighe, J. (2024). Performance tasks in education: Connecting learning to real-world contexts. Educational Leadership, 82(1), 10-15.*
5. *Paxson, T. D., Jr. (1996). Modes of interaction between disciplines. The Journal of General Education, 45(2), 79–94.*
6. *Piaget, J. (1970). Piaget's theory. In P. M. Greenfield & A.M. Cocking (Eds.), Cross-cultural roots of minority child development (pp. 47-70). Academic Press*